
# Mga Karapatang Pantao sa Chilliwack

Ang **Chilliwack** ay tahanan para sa

**93,203** tao

at ito'y mabilis na dumarami sa rate na **11%**




Noong 2021,
- **12%** ay visible minorities,
- **8%** ng mga naninirahan sa Chilliwack ay Indigenous, at
- **80%** ay puti.

## Ang krisis sa pamamahay ay isang isyu ng mga karapatang pantao sa Chilliwack

Sa pagitan ng 2016 at 2021, ang median value ng mga tirahan sa Chilliwack ay tumaas nang 88 porsiyento; mula $399,710, ito'y naging $750,000. Ito'y lampas pa nang husto sa provincial rate na 57 porsiyento.

### Ang homelessness ay mabilis na dumarami sa Chilliwack

Noong 2023, 413 tao ang natuklasang homeless sa Chilliwack noong Marso 7-8, 2023. Ito'y tumaas nang 107 tao simula 2020.

### Ang homelessness ay mas madalas na nararanasan ng mga Indigenous na tao

Noong 2020, ang Chilliwack ay ang may pinakamataas na proportion ng mga homeless na táong may Indigenous na ninuno sa Fraser River Valley, sa 25 porsiyento.

**25%**

## Ang access sa health care ay isang isyu ng mga karapatang pantao sa Chilliwack

### Ang diskriminasyon ay isang hadlang sa health care

Ang mga Indigenous na tao, mga táong may mga kapansanan, mga táong nagsasalita ng Ingles bilang kanilang karagdagang wika, mga táong homeless, at/o mga táong gumagamit ng droga o alak ay nag-ulat na nakaranas sila ng diskriminasyon habang sinusubukan nilang i-access ang health care.

### Ang toxic drug emergency

Simula 2015 ay tumaas ang bilang ng mga kamatayan mula sa toxic drug supply.

British Columbia's
**Office of the Human Rights Commissioner**

[Filipino]

## Ang diskriminasyon at kasuklaman ay mga malalaking isyu ng mga karapatang pantao sa Chilliwack



### Anti-Indigenous, anti-Black na kasuklaman, at Islamophobia

Ang mga Indigenous at Black na tao sa Chilliwack ay nag-ulat na regular silang dumaranas ng diskriminasyon sa mga retail setting at sa health care at trabaho.

### Dumarami ang anti-LGBTQ2SAI+ na kasuklaman sa Chilliwack

Napansin ng mga kalahok na dumarami ang kasuklaman at diskriminasyon laban sa LGBTQ2SAI+ community, at lalo na itong nakatutok sa gender-diverse at trans na kabataan.

## Employment at mga karapatang pantao sa Chilliwack

### Mga karapatang pantao ng migrant workers

Noong 2022 ay may 11,831 temporary foreign workers sa agricultural sector sa B.C., at karamihan sa kanila ay nag-migrate mula sa Mexico. Ang workers na ito ay humaharap sa substandard na mga kondisyon sa trabaho at pamumuhay, at nag-ulat sila na nakaranas sila ng sikolohikal, pinansyal, pisikal at sekswal na abuso.

## Tungkol sa Office of the Human Rights Commissioner (BCOHRC) ng BC

Sa ilalim ng *Kodigo ng mga Karapatang Pantao* ng B.C., ang Human Rights Commissioner ng B.C. ang siyang may pananagutan sa pagtaguyod at pagprotekta ng mga karapatang pantao sa province. Nangangarap ang Office of the Human Rights Commissioner (BCOHRC) ng B.C. na magkaroon ng province na malaya sa di-pagkakapantay-pantay, diskriminasyon, at kawalan ng hustisya, kung saan itinataguyod natin ang mga karapatang pantao para sa lahat at tinutupad natin ang ating mga responsibilidad sa isa't-isa. Makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa aming tanggapan sa aming website sa bchumanrights.ca

### Ang BCOHRC Baseline project sa Chilliwack

Ang BCOHRC Baseline Project ay isang community research project na nagtatagal nang ilang taon para matiyak ang sitwasyon ng mga karapatang pantao sa B.C. Ang Chilliwack ay isa sa apat na mga komunidad na lumahok. Ang trabahong ito ay hindi sana naging posibleng kung hindi kasali ang Community Partners ng Chilliwack: Chilliwack Community Services, Mountainside Harm Reduction Society, at Unique Get Together Society. Nais naming bigyang-pasasalamat ang Chilliwack Society for Community Living at ang pinuno ng Stó:lō Nation at mga tauhang nagsuporta sa Stó:lō na mga tao para sa kanilang mga kontribusyon sa proyektong ito.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kasaysayan ng mga karapatang pantao sa Chilliwack, mangyaring konsultahin ang Chilliwack Community Brief sa baseline.bchumanrights.ca/chilliwack